



PAMBANSANG KOMISYON PARA SA KULTURA AT MGA SINING

PANUKALA NG PAMBANSANG KOMITE SA WIKA AT SALIN GAWAD ROLANDO S. TINIO SA TAGASALIN

I. RASYONALE

Ang Papremyo sa Tagasalin ng Pambansang Komite sa Wika at Salin ay iginagawad tuwing ikalawang taon sa tatlong tagasalin sa tatlong kategorya: Epikong Bayan, Nobela, at Panulaan. Ang gawad ay nagkakahalaga ng DALAWANDAAN AT LIMAMPUNG PISO (P250, 000) bawat isa, na pansuporta sa ginawaran sa panahon ng kanyang pagsasalin. Ang gawad ay para sa isang buong taon lamang. Pagkatapos nito ay ihaharap ang manuskrito sa NCCA para sa posibleng publikasyon.

Ang inisyatibong ito ay batay sa mandato ng Komisyon na “mahikayat at masubaybayan ang isang komprehensibong programa sa pagsasalin na nilikha ng mga Pilipino at ng piling klasikong dayuhan na maaaring magamit ng bawat Pilipino maging ng ibang dayuhang mambabasa” (Seksiyon 12.c.4, RA 7356). Sa gawad na ito, ang mapipiling tagasalin ay magiging malaya sa hinihingi ng kanyang trabaho at pagtutuonan lamang niya ng pansin ang pagsasalin sa loob ng isang taon.

Ang pormal na seremonya ng pagkakaloob ng gawad ay maaaring ganapin sa Abril kaugnay ng pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng Panitikan batay sa Presidential Proclamation No. 968 S2. 2015.

II. MAAARING LUMAHOK

Bukás ang gawad sa mamamayang Filipino, may legal na edad, maliban sa mga opisyal at kawani ng NCCA Secretariat at mga opisyal at miyembro ng Executive Council ng Pambansang Komite sa Wika at Salin.

III. MGA TUNTUNIN

Narito ang mga kahingian sa paglahok:



PAMBANSANG KOMISYON PARA SA KULTURA AT MGA SINING

1. Ang mga lalahok ay dapat magpasa ng kompletong application form na maaaring makuha sa Cultural Dissemination Section ng Plan/Policy Formulation and Programming Division, curriculum vitae, at 3-5 pahina ng konseptong papel na tumatalakay sa rasyonale at kahalagahan ng proyekto. Kailangang ipasa ang inisyal na naisalin nang may apat (4) na kopya kasama ang konseptong papel.

Para sa 2019, ang mga kategorya ay:

Kategorya	Inisyal na Naisalin
Epikong Bayan	50 pahina <i>*single space TNR #12</i>
Nobela	50 pahina <i>*single space TNR #12</i>
Panulaan	25 pahina (kung antolohiya ng isang makata) <i>*single space TNR #12</i> 35 pahina (kung antolohiya ng iba't ibang makata sa iisang panahon) <i>*single space TNR #12</i>

Maaaring isa lamang ang Epikong Bayan kung ito ay singhaba ng isang nobela tulad ng 'Kuddaman' na hindi kukulangin sa 200 pahina. Kung maiikli at maraming bersiyon tulad ng 'Hudhud' o maraming yugto tulad ng 'Hinilawod,' dapat maging antolohiya ang proyekto na hindi kukulangin sa 200 pahina.

Ang Nobela ay dapat na kumakatawan sa uri ng panulat ng may-akda at hindi rin kukulangin sa 200 pahina.



PAMBANSANG KOMISYON PARA SA KULTURA AT MGA SINING

Ang Panulaan ay hindi dapat kulangin sa 100 pahina kung antolohiya ng isang makata at dapat na umabot sa 150-200 pahina kung antolohiya ng iba't ibang makata na nabibilang sa iisang panahon o kalakaran.

Ang pangalan ng tagasalin ay hindi dapat ilagay sa isinaling akda at kailangang nakasulat sa hiwalay na papel.

Ang pagsasalin ay mula sa wikang bernakular (simulaang lengguwahe) patungo sa wikang Filipino (tunguhang lengguwahe).

2. Sa isang kategorya lamang dapat lumahok ang isang aplikante.
3. Ang aplikasyon ay susuriin ng mga tagasuri na itatalaga ng Pambansang Komite sa Wika at Salin na bubuoin ng tatlong miyembro sa bawat kategorya.
4. Ang premyo ay ibibigay sa tatlong tranche ayon sa bahagdan ng natapos.

Unang tranche - 25% (sangkapat [$\frac{1}{4}$] ng naisaling akda)

Ikalawang tranche - 25% (kalahati [$\frac{1}{2}$] ng naisaling akda)

Ikatlong tranche - 50% (kabuoan ng naisaling akda)

5. Ang premyo ay hindi naililipat sa ibang maaaring magsalin. Sa pagtanggap ng unang tranche, dapat sundin ng tagasalin ang mga rekomendasyon ng komite na nagsuri sa kanyang trabaho. Matapos tanggapin ang ikalawang tranche, kailangang pagtibayin ng komite ang ipinasang 50% ng naisalin alinsunod sa mga rekomendasyon ng komiteng tagasuri. Kung hindi nakasunod, ititigil na ang proyekto at hindi na ipagkakaloob ang ikatlo at huling tranche.



PAMBANSANG KOMISYON PARA SA KULTURA AT MGA SINING

6. Isang taon lamang ang pagtupad ng pagsasalin. Pahihintulutan ng NCCA na magkaroon ng ekstensiyon ang tagasalin hanggang anim na buwan kung mapatutunayang makatwiran ang dahilan.
7. Ang kompletong manuskrito ay dapat ipasa sa dalawang anyo: isang (1) nakalimbag na kopya at isang electronic copy na naka-MS word format sa flash drive.
8. Anumang pagbabago sa kategorya na maaaring matukoy ng Komite sa Wika at Salin ay pagtitibayin ng Tagapangulo sa pamamagitan ng Punong Tagapagpaganap.
9. Ang huling araw ng pagpapasa ng aplikasyon ay hanggang 31 Mayo 2019. Ipadala ang mga dokumento sa:

Cultural Dissemination Section

Plan/Policy Formulation and Programming Division

National Commission for Culture and the Arts

633 General Luna St., Intramuros, Manila 1002

Dapat magpasa ang mga aplikante ng **self-addressed stamped kraft envelope** para sa pagbabalik ng materyales kung sakaling hindi napili.

IV. KARAPATANG-SIPI AT PAGMAMAY-ARI

1. Ang NCCA ang may unang opsiyon na ilathala ang isinaling akda. May karapatan ang NCCA na maglathala nito sa website o itanghal sa entablado, radyo, telebisyon, pelikula o anupamang anyo ng pagpapalabas nang hindi kailangang bigyan ng dagdag na kabayaran ang tagasalin bukod sa gawad na naipagkaloob na rito. Ang unang opsiyon ng paglathala ay maaalis lamang sa NCCA makaraan ang isang taon na nakompleto ang gawad.



PAMBANSANG KOMISYON PARA SA KULTURA AT MGA SINING

2. Ang ipinasang lahok ay hindi pa dapat naipapasa sa ibang timpalak o papremyo. Hindi pa rin ito dapat nabigyan ng papremyo sa ibang timpalak. Anumang paglabag sa

tuntunin ay nangangahulugan ng pagpapatigil sa pagbibigay ng premyo at ng pagbabalik ng paunang naipagkaloob. Sa ganitong kondisyon lamang maaaring ibigay ang gawad sa pangalawang kalahok na tumanggap ng pinakamataas na boto.



PAMBANSANG KOMISYON PARA SA KULTURA AT MGA SINING

Republic of the Philippines • Office of the President

NATIONAL COMMISSION FOR CULTURE AND THE ARTS

633 General Luna Street, Intramuros 1002 Manila / Tel. 527-2192 to 98 / Fax 527-2191 & 94 / e-mail: info@ncca.gov.ph / website:
www.ncca.gov.ph